

Mga Kahilingan sa Kurso ng Mag-aaral sa MSS para sa Susunod na Taon ng Pag-aaral

Kung paano ipapasok ang mga kahilingan sa kurso o tingnan ang mga kahilingan kapag naipasok na ito:

1. Mag-log in ang user na mag-aaral sa MSS.
2. Piliin ang tab sa itaas ng Aking Impormasyon, tab sa gilid ng Mga Kahilingan: Lalabas ang pahina ng Mga Kahilingan.
3. Basahin at sundin ang impormasyon sa kahon ng Mga Tagubilin.
4. Sa lugar ng Pangunahing kahilingan, piliin ang iyong mga kahilingan para sa iba't ibang bahagi ng Paksa.
 - a. Halimbawa, sa pagpili ng kurso sa matematika, i-click ang Piliin (next) sa tabi ng lugar ng Paksa (Subject) sa Matematika.
 - b. Sa sandaling makita ang mga kahilingan sa kurso sa napiling lugar ng Paksa, ipahiwatig ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng paglalagay ng check sa kahon ng Piliin (Select) sa tabi ng kahilingan sa kurso. Kapag ang (mga) pagpili ay nagawa na para sa lugar ng Paksa (Subject), Piliin ang OK.
 - i. Kung hindi ka pa nakapili ng sapat na mga kurso o pumili ng masyadong marami, isang "pop-up" ang mag-aalerto sa iyo sa isyu. Suriin ang Mga Tagubilin o instruksyon at baguhin ang iyong mga pinili, kung kinakailangan.
 - c. Maaring ipakita na ang mga kinakailangang kurso sa lugar ng Pangunahing kahilingan. Ang mga kursong ito ay magkakaroon ng check mark na ka grey. Halimbawa: Course Package para sa Grade 8 at 9 ng mga mag-aaral (compulsory courses - sapilitan o madatoryong mga kurso)
 - d. Hihilingin sa iyo ng ilang Subject area na ipasok ang numero ng Alternatibong Kurso. Sundin ang mga Tagubilin sa mga paksang ito. Halimbawa: PAA
 - e. Upang alisin ang isang Kahilingan, i-click muli ang Piliin ang checkbox upang alisin ang unang pinili.
5. Ang lugar kung nasaan makikita ang para sa Tagapayo ay siyang nagbibigay-daan sa iyo na magpasok ng mensahe or tala para matingnan ng Akademikong Tagapayo (Academic Counselor), kung kinakailangan.
6. Awtomatikong sine-save ang mga kahilingan pagkatapos mong ilagay ang mga ito sa pahina ng Kahilingan. Kapag natapos mo na ang iyong mga pinili, i-click ang Mag-post sa ibaba ng pahina. Inaabisuhan nito ang Academic Counselor na natapos mo na ang pagpasok ng mga kahilingan. Kung hindi ka pa nakapili ng sapat na mga kahilingan, ipaalam sa iyo ng isang "pop-up" ang (mga) partikular na isyu. Halimbawa, maaari itong magsaad ng "Hindi sapat sa hiniling para sa paksang PE/Health 8" kung nakalimutan mong pumili ng kahilingan sa Phys Ed. Suriin ang pahina ng mga Tagubilin sa mga Kahilingan at para sa mga partikular na bahagi ng Paksa upang malutas ang isyu.

Mga tagubilin sa Portal ng Magulang para sa pagtingin sa mga kahilingan sa kurso ng mag-aaral

1. Mag log-in ang magulang na user sa MSS.
2. Piliin ang Family top tab. Kung mayroon kang higit sa isang anak sa lugar ng Mga Mag-aaral, piliin ang mag-aaral na nais mong tingnan.
3. Piliin ang tab na Iskedyul sa gilid, pagkatapos isunod ang sub side na tab - Mga Kahilingan.
4. Suriin ang mga bahagi ng Mga Tagubilin para sa buong paliwanag ng mga kurso. Ang mga partikular na tagubilin tungkol sa isang lugar ng kurso ay matatagpuan sa pamamagitan ng pag -click sa icon na Piliin sa lugar ng Mga Pangunahing kahilingan (Primary Requests).
5. Ang mga kahilingan sa kurso na pinili ng mag-aaral ay ipapakita sa lugar ng mga Pangunahing Kahilingan.
6. Suriin ang mga napiling kurso kasama ang iyong anak. Kung kailangan ng mga pagbabago, ipagawa sa iyong anak ang pagbabago sa kanilang portal. Maaring kailangan talakayin ang ilang pagbabago sa Academic Counselor.
7. Sumangguni sa mga tala/notes ng mag-aaral sa itaas para sa mas detalyadong impormasyon.